JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginuton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


1

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikalawang Markahan - Modyul 7:

## Pagsunod-sunod ng Pangyayari



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Filipino – Unang Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Ikalawang Markahan – Modyul 7: Pagsunod-sunod ng mga Pangyayari**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Dianne Cecelia E. Tajom | |
| **Editor/Tagasuri:** | Ronna B. Laranjo/ Riela Angela C. Josol | |
| **Tagalapat:** | Fritchie S. Paladen | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI | - Schools Division Superintendent |
| | Lourma I. Poculan | - Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | - Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | - Chief, Education Supervisor SGOD |
| | Riela Angela C. Josol | - Education Program Supervisor- Filipino |
| | Bernie P. Laranjo | - Public Schools District Supervisor |
| | Ronillo S. Yarag | - Education Program Supervisor, LRMS |
| | Leo Martinno O. Alejo | - Project Development Officer II, LRMS |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**
**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**

| | |
|---|---|
| Office Address: | Purok Farmers, Olingan, Dipolog City<br>Zamboanga del Norte, 7100 |
| Telefax: | (065)212-6986 and (065) 212-5818 |
| E-mail Address: | dipolog.city@deped.gov.ph. |

# Alamin

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat para sa iyong kaisipan o kaalaman. Ito ay tutulong sa iyo na maging bihasa sa araling itinakda para sa Unang Baitang na may pamagat na Pagbuo ng ng mga Letra.

Pagkatapos balangkasin ang modyul, inaasahan ang isang mag-aaral na matutuhan at:

- Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa napakinggang kuwento sa tulong ng mga larawan at pamatnubay na tanong(**F1PN-IIf-8**)

**ARALIN** | **Pagsusunod-sunod ng mga Pangyayari sa Tulong ng mga Larawan**

# Balikan


**Basahin ang kwento at sagutin ang tanong sa ibaba.**

**ANG KUWENTO NG INA TUNGKOL SA GAMU-GAMO**

*Kuwento ni Dr. Jose Rizal*

Pinagsabihan ng inang gamu-gamo ang kanyang anak na huwag lumapit sa apoy ng lampara para hindi siya masunog ngunit hindi nakinig ang anak. Siya ay lumipad at naglaro malapit sa apoy ng lampara at walang anu-ano ay nahagip siya ng apoy at namatay. Kung nakinig sana ang anak sa kanyang ina, sana ay hindi siya napahamak. *(mula sa https://casacopdom.wordpress.com/ang-kwento-ng-ina-tungkol-sa-gamu-gamo)*

**Panuto:** Pagmasdan ang mga larawan. Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari ng kwentong nabasa. Lagyan ng bilang 1 hanggang 5 ayon sa wastong pagkasunod-sunod nito.

A. 

B. 

C. 

D. 


E. 

## *Tuklasin*


Ngayong panahon ng *pandemic* dahil sa banta ng *COVID-19,* ano-ano ang inyong pamamaraan para maiwasan ang sakit na ito? Una dito ay ang paglilinis ng katawan. Ano-ano ang wastong pamamaraan sa paliligo?


**Panuto:** Ayusin ang mga larawan ayon sa tamang pagkakasunod-sunod ng pangyayari. Lagyan ng bilang 1 hanggang 5 sa kahon.

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

## *Suriin*

**Panuto**: Pagmasdan ang mga larawan. Pagsunud-sunurin ang mga pangyayari ayon sa larawang inihanda ng guro. Lagyan ng bilang 1-5 ayon sa wastong pagkakasunod-sunod nito.

| Bilang | Larawan | Pangyayari |
|---|---|---|
| |  | Dinakma ng leon ang daga at hinawakan sa buntot na wari bagang balak siyang isubo at kainin. |
| |  | Sa pamamasyal ng daga sa kagubatan ay kanyang napansin ang isang lambat na nakabitin sa puno. |
| |  | Isang daga ang nakatuwaang maglaro sa ibabaw ng isang natutulog na leon. |
| |  | Mabilis na bumaba ang daga at tinulungan ang leon na nakawala sa lambat. |
| |  | Dali-daling inakyat ng daga ang puno at nginatngat ang lubid na nakatali sa lambat. |

## Pagyamanin

Ngayon ay basahin mo ang kuwento na may pamagat na: "Ang Leon at ang Daga" isinulat at iginuhit ni Dino Lingo.

### Ang Leon at ang Daga

(https://www.youtube.com/watch?v=IrRz81sc-Jc)

Isang daga ang nakatuwaang maglaro sa ibabaw ng isang natutulog na leon. Kanyang inaakyat ang likuran ng leon at pagdating sa itaas ay nagpapadausdos siya paibaba.

Sa katuwaan ay di niya napansin na nagising ang leon. Dinakma ng leon ang daga at hinawakan sa buntot na wari bagang balak siyang isubo at kainin. Natakot at nagmakaawa ang daga.

"Ipagpaumanhin mo kaibigan, hindi ko sinasadyang gambalain ka sa pagtulog mo. Wala akong masamang hangarin. Nakatuwaan ko lang na maglaro sa iyong likuran. Huwag mo akong kainin," ang sabi ng daga. Nabakas ng leon sa mukha ng daga ang tunay na pagmamakaawa.

"Sige, pakakawalan kita pero sa susunod ay huwag mong gambalain ang pagtulog ko," sabi ng leon.

"Salamat kaibigan. Balang araw ay makagaganti rin ako sa kabutihan mo," sagot ng daga.

Lumipas ang maraming araw at minsan sa pamamasyal ng daga sa kagubatan ay kanyang napansin ang isang lambat na nakabitin sa puno. Lumapit siya upang mag-usisa at agad niyang nakilala ang leon na nahuli sa loob ng lambat na ginawang bitag ng nangagaso sa kagubatan.

Dali-daling inakyat ng daga ang puno at nginatngat ang lubid na nakatali sa lambat. Agad namang naputol ang lubid at bumagsak ang lambat kasama ang leon sa loob. Mabilis na bumaba ang daga at tinulungan ang leon na nakawala sa lambat.

"Utang ko sa iyo ang aking buhay," laking pasasalamat na sabi ng leon sa kaibigang daga.

**Sagutin ang mga tanong.**

1. Sino ang naglalaro sa likod ng natutulog na leon?
2. Ano ang ginawa ng leon nang siya ay nagising?
3. Bakit dinakma ng leon ang daga?
4. Ano ang sunod na nangyari nang madakma ng leon ang daga?
5. Ano ang huling nangyari sa kuwento?



## *Isaisip*

**Tanong**:

Bakit mahalaga ang tamang pagsusunod-sunod ng mga pangyayari?

## *Isagawa*

**Panuto:** Ayusin sa tamang pagkakasunud-sunod ang mga larawan. Lagyan ng A ang unang naganap at E sa pinakahuling pangyayari. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

| Hanay A | Hanay B |
| --- | --- |
| ______ **1.**  | A |
| ______ 2.  | B |
| ______ 3.  | C |
| ______ 4.  | D |
| ______ 5.  | E |

## *Tayahin*

**Panuto:** Mula sa kwentong "Ang Leon at Ang Daga" na mababasa sa pahina 4. Pagsunod-sunurin ang mga larawan ayon sa mga pangyayari sa kuwentong nabasa. Lagyan ng bilang 1-5 ayon sa wastong pagkakasunod-sunod nito.

A.  ______

B.  ______

C.  ______

D.  ______

E.  ______

## *Karagdagang Gawain*

Sa inyong sagutang papel, isulat ang tamang pagkakasunud-sunod ng hakbang sa pagsasaing na bigas. Humingi ng tulong sa inyong magulang upang magawa ang gawaing ito.

## *Susi sa Pagwawasto*

**BALIKAN**

A. 3
B. 2
C. 5
D. 1
E. 4

**TUKLASIN**

1. 2
2. 1
3. 4
4. 5
5. 3

**SURIIN**

2
3
1
5
4

**PAGYAMANIN**

1. Isang daga
2. Dinakma ng Leon ang daga
3. Nais ng leon na kainin ang daga ngunit sa kadahilanang busog pa siya ay kanya itong pinakawala
4. Nagmakaawa ang daga at nangako na tutulungan niya ang leon kapag ito ay nasa kagipitan
5. Tinulungan ng daga ang leon nang ito ay nahuli sa bitag ng mga mangangaso.

**ISAGAWA**

1. A
2. B
3. C
4. D
5. E

**TAYAHIN**

A. 2
B. 3
C. 1
D. 5
E. 4

# *Sanggunian*

***FILIPINO 1***
***Kagamitan ng Mag-aaral***
***Rehiyon IX – Zamboanga Peninsula***
***Unang Edisyon 2020***

- https://www.youtube.com/watch?v=x6CDJtw3pk
- Hand Painted Plant Growth Process Red Bean Sprouting, Plant... Accessed June 1, 2020https://pngtree.com/freepng/hand-painted-plant-growth-process-red-bean-sprouting_4029096.html
- Bumusa at Sumulat Filipino 1 pahina 137-140
- Gabay pangkurikulum pahina 5
- Wastong Paghuhugas ng Kamay -accessed June 11,2020https://www.pinterest.ph/pin/390757705141575413/ butterfly life cycle – https://www.slideshare.net/JalilahLao/wastong-paghuhugas-ng-kamay-
- Ang Nawawalang Si Kuting Accessed June 11,2020https://www.scribd.com/presentation/413547465/AngNawawalangSiKuting
- kapatagan Vector Sketch background with outdoors. accessed June 11,2020https://www.dreamstime.com/royalty-free-stock-photos-vector-sketch-background-outdoors-nature-landscape-image34922678 –
- Mountain Clipart Mountain Valley - Mountain Black And White Clipart – accessed June 11,2020https://www.netclipart.com/isee/ihmwmR_mountain-clipart-mountain-valley-mountain-black-and-white/ (https://www.youtube.com/watch?v=5nK4xxPhy8w

*https://casacopdom.wordpress.com/ang-kwento-ng-ina-tungkol-sa-gamu-gamo*
*https://youtu.be/spMtkB0q28A*
https://www.youtube.com/watch?v=IrRz81sc-Jc